PANLAHATANG IMPORMASYON

ANO ANG GAWAIN NG GUARDIANSHIP TRIBUNAL (HUSGADO SA PAG-AALAGA)?

Ang *Guardianship Tribunal* ay siyang humihirang ng mga (tagapag-alaga (guardians) at mga tagapangasiwang pang-pinansiyal (financial managers) para sa mga taong 16 taong gulang pataas na hindi kayang gampanan ang sariling pamumuhay at desisyong pang-pinansiyal at walang nababagay na hindi pormal na kaayusan.

Ang taong mayroong tagapag-alaga ay maaaring hindi mangailangan ng isang tagapangasiwang pang-pinansiyal. Ang taong mayroong tagapangasiwang pang-pinansiyal ay maaaring hindi na mangailangan ng isang tagapag-alaga.

Ang Tribunal ay maaari ding magbigay ng pahintulot sa medikal at dental na paggamot para sa taong 16 na taong gulang pataas na walang kakayahan na makapagpasiya tungkol sa sariling pagpapagamot.

Paghihirang ng tagapag-alaga

Sa ilalim ng *Guardianship* Act, ang Tribunal ay maaaring humirang ng tagapag-alaga para sa mga taong nasa hustong gulang na:

- hindi kayang gumawa ng sariling mga desisyon sa buhay dahil sa kapansanan (disability), at
- nangangailangan ng isang taong may legal na awtoridad na gagawa ng mga mahahalagang desisyon para sa kanilang buhay.

Ang Tribunal ay hindi hihirang ng tagapag-alaga kung ang desisyon sa pamumuhay ng taong ito ay magagawang hindi pormal para sa pinakamabuting kapakanan nito.

Ang tagapag-alaga ay isang legal na hinirang na kapalit na tagapag-pasiya. Ang tagapag-alaga ay hindi isang kapalit na taga-alaga (caregiver) o tagapangasiwa ng kaso (case manager) at hindi kapalit ng mga ito.

Isang miyembro ng pamilya o isang kaibigan ay maaaring hirangin na tagapag-alaga o ang Tribunal ay maaaring hirangin ang Pampublikong Tagapag-alaga. Ang Pampublikong Tagapag-alaga ay isang opisyal na itinakda ng batas na hiwalay sa Tribunal.

Ang Tribunal ay maaaring humirang ng isang tagapag-alaga, magkasamang tagapag-alaga at mga kapalit na tagapag-alaga (alternative guardians). Halos sa lahat ng kaso, ang Tribunal ay hihirang ng mga tagapag-alaga na may tiyak na tungkulin. Ang karaniwang mga tungkulin ay:

- tirahan - desisyon kung saan titira ang tao
- pangangalagang pangkalusugan (health care) - desisyon kung anong medikal at dental na panggagamot ang kailangan ng tao
- pahintulot sa paggamot na medikal at dental - tatayo bilang kapalit na tagapagpasiya ng taong ito tungkol sa medikal at dental na panggagamot na iminungkahi ng iba
- mga serbisyo - magbibigay ng pahintulot sa iba na magbigay ng mga personal na serbisyo sa taong ito (karaniwan ay pagtulong upang manatili sila sa kanilang bahay).

Ang mga Tagapag-alaga ay hinirang para sa isang itinakdang panahon. Ang mga kautusan ay karaniwang ginagawa para sa pinakamatagal na isang taon. Sa ilang pagkakataon, ang mga kautusan ay maaaring gawing tatlong taon. Pag-aaralang muli ng Tribunal ang mga kautusang ito kung malapit na ang pagtatapos ng kautusan maliban kung magpapasiya ito, nang ginagawa ang kautusan, na hindi na kailangang pag-aralang-muli ang kautusan. Sa kasong ito, ang kautusan ay magtatapos sa dulo ng itinakdang panahon nito. Sa pag-aaral na muli, ang Tribunal ay magpapasiya kung:

- ang kautusan at ang tagapag-alaga ay magpapatuloy para sa dagdag na itinakdang panahon.
- ang mga tungkulin ng tagapag-alaga ay kailangang baguhin.
- ipawalang-saysay ang kautusan kung nanumbalik na ang kakayahang magdesisyon ng taong ito para sa sarili o ang tagapag-alaga ay hindi na kailangang magdesisyon para sa taong ito.

Paghirang ng isang tagapangasiwang pang-pinansiyal

Sa ilalim din ng Guardianship Act, ang Tribunal ay maaaring humirang ng isang tagapangasiwang pang-pinansiyal para sa mga taong may edad na hindi kayang gampanan ang pangangasiwa sa kanilang kapakanang pang-pinansiyal at kailangan ang isang

taong may legal na awtoridad na makagagawa ng mga mahahalagang desisyon pang-pinansiyal para sa kanila. Ang tagapangasiwang pang-pinansiyal ay kapalit nang nagbibigay ng desisyon.

Ang Tribunal ay hindi hihirang ng tagapangasiwang pang-pinansiyal kung ang desisyon pang-pinansiyal ng tao ay maaaring gawing hindi pormal para sa kaniyang pinakamabuting kapakanan.

Maaaring hirangin ng Tribunal ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan bilang tagapangasiwang pang-pinansiyal. Ipinaguutos ng Batas sa Proteksiyon ng mga Ari-Arian (Protected Estate Act) na ang taong ito ay pamamahalaan ng Komisyonado sa Pangangalaga (Protective Commissioner).

Ang Tribunal ay maaaring hirangin ang Komisyonado sa Pangangalaga bilang tagapangasiwang pang-pinansiyal. Ang Tanggapan ng Komisyonado sa Pangangalaga ay naniningil bilang kabayaran sa kanilang mga serbisyo. Ang Komisyonado sa Pangangalaga ay isang opisyal na itinatakda ng batas na hiwalay sa Tribunal.

Ang Tribunal ay maaaring humirang ng isang tagapangasiwang pang-pinansiyal o magkasamang tagapangasiwang pang-pinansiyal.

Karamihan sa mga kautusan sa pamamahalang pang-pinansiyal ng Tribunal ay walang hangganan at saklaw ang lahat ng bagay na pang-pinansiyal ng taong ito. Sa ilang pagkakataon, ang Tribunal ay maaaring magbigay ng kautusan para sa isang takdang panahon. Ang mga kautusang ito ay pinag-aaralang muli sa isang paglilitis upang mapagpasiyhan kung kinakailangan pa ang karagdagang kautusan. Sa ilang limitadong pagkakataon, maaaring hindi isama ng Tribunal ang ilang bahagi ng ari-arian ng taong ito sa kautusan sa pangangasiwang pang-pinansiyal.

Ang Tribunal ay maaaring gumawa ng pansamantalang kautusan sa pangangasiwang pang-pinansiyal. Ang pansamantalang kautusan sa pangangasiwang pang-pinansiyal ay para sa isang takdang panahon na hindi lalampas sa anim na buwan. Ang mga kautusang ito ay mangangalaga sa mga bagay na pang-pinansiyal ng taong ito habang ang mga katibayan ng kanilang kakayahan sa pangangasiwa ng sariling kapakanan at ang pangangailangan ng isang panghuling kautusan ay tinitipon.

Kung hiniling, ang Tribunal ay maaaring magpawalang-bisa sa isang kautusan sa pangangasiwang pang-pinansiyal kung naniniwala ang Tribunal na may kakayahan ang taong ito na pangasiwaan ang sariling kapakanan. Ang Tribunal ay maaari ding magpawalang-bisa sa isang kautusan sa pangangasiwang pang-pinansiyal kung naniniwala ang Tribunal na ito ay para sa pinakamabuting kapakanan ng tao.

Paggawa ng Aplikasyon

Ang sinumang mayroong tutoong pagmamalasakit sa kapakanan ng tao na walang kakayahan na gumawa ng sariling desisyon ay maaaring mag-aplay sa Tribunal. Ang Pampublikong Tagapag-alaga (Public Guardian) ay maaaring gumawa ng aplikasyon kung walang nais o makagagawa nito.

Kung ang aplikasyon ay tinanggap, pag-aaralan ito ng mga kawani ng Tribunal. Hindi lahat ng aplikasyon ay tutuloy sa isang paglilitis. Maaaring tawagan ng kawani ng Tribunal ang aplikante at pag-usapan ng hindi pormal ang paglutas sa situwasyon sa pinakamabuting kapakanan ng tao. Kung ang bagay na ito ay tutuloy sa paglilitis, ang Tribunal ang magpapasiya kung hihirang o hindi ng tagapag-alaga at/o tagapangasiwang pang-pinansiyal.

Ang aplikante

Ang aplikante ay ang taong gagawa ng aplikasyon. Ang aplikante ay kailangang:

- sabihin sa taong paksa ng aplikasyon at iba pang kasama sa situwasyon ang tungkol sa aplikasyon
- laging balitaan ang mga taong ito sa buong proseso ng aplikasyon
- tiyakin na ang Tribunal ay mayroong kahit isang katibayang pang-medikal at isang ulat na nagsasabi tungkol sa kapansanan, pagka-walang kakayahan at pangangailangan ng tagapangasiwang pang-pinansiyal ng taong ito
- makipag-ugnayan sa naturingang kawani ng Tribunal upang maipaalam ang anumang pagbabagong nangyayari habang sinisiyasat ito
- ibigay sa taong paksa ng aplikasyon at ng iba pa ang opisyal na patalastas tungkol sa paglilitis
- dumalo sa paglilitis at isama ang taong paksa ng aplikasyon o makipag-ayos sa ibang tao na gawin ito.

Ang pagsisiyasat

Ang mga aplikasyon ay pinag-aaralan at inihahanda ng mga kawani ng Sangay sa Pagsisiyasat at Pakikipag-ugnayan ng Tribunal (Tribunal's Investigation and Liaison Branch). Kung ang isang bagay ay hindi malulutas na pormal, ito ay itatakda sa isang paglilitis.

Ipaaalam sa aplikante, sa pamamagitan ng liham, na ang bagay na ito ay itinakdang litisin. Kailangang makipag-alam kayo sa Tribunal sa lalong madaling panahon kung kayo ay mangangailangan ng tagapagpaliwanag, pagkakasunod-sunod ng paglilitis, o iba pang tulong na kailangan.

Sa paghahanda ng aplikasyon para sa isang paglilitis, ang kawani ay maaaring magtipon ng mga impormasyon para sa Tribunal at ihanda ang mga tao para sa paglilitis. Maaaring gumawa ang kawani ng ulat tungkol sa mga bagay na ito, kasama na ang mga paniniwala ng mga taong kaugnay sa kaso. Kung may ulat na ginawa, ito ay karaniwang ibinibigay sa mga miyembro ng Tribunal at iba pang dadalo sa paglilitis.

Kung kayo ay nakikipag-usap sa isang kawani ng Tribunal, mahalagang tandaan na sila ay kumukuha ng impormasyon para sa isang ulat. Kung mayroong kayong mahalagang impormasyon at naniniwala kayong dapat ilihim, kailangang pag-usapan ninyo ito ng kawani ng Tribunal.

Ang paglilitis

Hanggang maaari, ang lahat na kasangkot sa kaso ay kailangang dumalo sa paglilitis ngunit maaari ding kunin, kung kailangan, ang mga ebidensiya o katibayan sa pamamagitan ng telepono. Ang mga taong sumusunod ay laging kasangkot:

- ang taong paksa ng kautusan o aplikasyon
- ang asawa o tagapangalaga (carer) ng taong paksa ng kautusan o aplikasyon (hindi kasama ang mga bayarang tagapangalaga)
- isang hinirang na tagapangasiwang pang-pinansiyal o tagapag-alaga
- ang taong gumawa ng aplikasyon para sa isang kautusan o pag-susuring muli ng isang kautusan

Hindi kailangang kasangkot kayo para dumalo sa isang paglilitis at magbigay ng ebidensiya sa Tribunal. Maraming mga nakakakilala sa taong paksa ng paglilitis at may malasakit sa kapakanan nito na maaaring magbigay ng makabuluhang mga pananaw o impormasyon sa Tribunal. Sa karamihang kaso, maaaring dumalo ang mga tao sa paglilitis at magbigay ng katibayan bilang mga saksi.

Maaaring isama ng Tribunal ang isang tao bilang kasama sa pag-uusap kung ito ay may natatanging interes o kaugnayan na makapagpapatibay na sila ay kasangkot at hindi bilang mga saksi na magbibigay ng katibayan. Kung nais ninyong makasama sa grupo, kailangang makipag-usap kayo sa mga kawani ng Tribunal.

Ang mga kasangkot ay maaaring magkaroon ng manananggol o iba pang tagapagtaguyod na kakatawan sa kanila ngunit ito ay sa kapahintulan ng Tribunal. Tingnan ang papel tungkol sa Pagkatawan sa mga paglilitis (Representation at hearings) para sa karagdagang impormasyon. Karamihan sa mga kaso ay natutuloy ng hindi na kailangan ang representanteng legal (legal representation).

Ang Tribunal ay binubuo ng kahit man lamang isang miyembro na may kakayahang legal, isang propesyonal na miyembro na may karanasan sa pag-aaral o pakikitungo sa mga may edad na may kapansanan, tulad ng doktor, sikologo o panlipunang manggagawa (social worker), at isang miyembro ng komunidad na may karanasan sa mga taong may edad na may kapansanan.

Kailangang tuparin ng Tribunal ang mga prinsipyo ng *Guardianship Act*. Sinasabi ng mga ito na ang lahat ay kailangang::

- bigyan ang kapakanan at kapakinabangan ng tao ng pinakamahalagang pagsasaalang-alang
- kung maaari, liitan lamang ang paghihigpit sa kalayaan sa pagdedesisyon at pagkilos ng tao
- hikayatin hanggang maaari ang taong ito na mamuhay ng normal sa komunidad
- isaalang-alang ang paniniwala ng taong ito
- kilalanin ang kahalagahan ng pangangalaga ng relasyong pampamilya at kapaligirang pangkultura at wika
- hanggang maaari, hikayatin ang tao na magtiwala sa sarili tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa mga suliraning personal, pampamilya, at pinansiyal
- pangalagaan ang taong ito laban sa pagpapabaya, pang-aabuso, at pagsasamantala
- hikayatin ang komunidad na gamitin at itaguyod ang mga prinsipyong ito

Ang Tribunal ay hihirang ng isang tagapag-alaga kung mayroong katibayan na ang taong paksa ng aplikasyon ay:

- mayroong kapansanan
- walang kakayahang gumawa ng sariling desisyon sa pamumuhay, at
- nangangailangan ng tagapag-alaga

Ang Tribunal ang magpapasiya kung sino ang magiging tagapag-alaga.

Ang Tribunal ay hihirang ng isang tagapangasiwang pang-pinansiyal kung mayroong katibayan na ang taong paksa ng aplikasyon ay:

- walang kakayahang mangasiwa sa sariling kapakanan

- kailangang humirang ng isang tagapangasiwang pang-pinansiyal
- nasa pinakamabuting kapakanan ng taong ito na gawin ang kautusan.

Ang Tribunal ang magpapasiya kung sino ang tagapangasiwang pang-pinansiyal.

Ang kautusan (order) at mga dahilan ng desisyon

Ang bawat isang dumalo sa paglilitis ay karaniwang sinasabihan ng tungkol sa desisyon ng Tribunal sa katapusan ng paglilitis.

Ang taong paksa ng kautusan, ang gumawa ng aplikasyon, ang mga taong kasangkot sa kasong ito at ang ibang taong pinili ng Tribunal ay tatanggap ng mga kopya ng nakasulat na kautusan at ang mga dahilan ng desisyon.

Panggagamot na medikal at dental

Bukod sa paghirang ng mga tagapag-alaga at tagapangasiwang pang-pinansiyal, ang Tribunal ay nagbibigay din ng kapalit na pahintulot para sa mga panggagamot na medikal at dental kung ang pasyente ay walang kakayahang magbigay ng pahintulot sa sariling pagpapagamot.

Maliban sa mga kagipitan (emergencies), ang mga doktor ay may legal at propesyonal na responsibilidad na kumuha ng pahintulot bago gamutin ang sinumang pasyente. Ang pasyente ay karaniwang nagbibigay ng pahintulot. Tinutukoy sa ika-5 bahagi ng Guardianship Act kung sino ang makakapagbigay ng pahintulot para sa mga taong walang kakayahang magbigay ng sariling pahintulot. Paghihiwalayin din ng ika-5 bahagi sa tatlong pangkat ang panggagamot na medikal at dental (espesyal, malubha at hindi-malubha) at tinutukoy kung sino ang makapagbibigay ng pahintulot sa paggamot sa bawat kategoriya.

Kung ang tagapag-alaga na may karapatang magbigay ng pahintulot sa panggagamot na medikal at dental ay nahirang na, ang doktor o dentista ay kailangang kumuha ng pahintulot sa taong ito bago gamutin ang pasyente. Kung walang tagapag-alaga na may karapatang magbigay ng pahintulot at ang pasyente ay hindi tumanggi sa panggagamot na ito, kailangang kumuha ng pahintulot sa ‘may pananagutan sa taong ito’. Ang ‘may pananagutan sa taong ito’ ay ay maaaring magbigay ng pahintulot sa ilang uri ng pagpapagamot. Tingnan ang papel pang-impormasyong ‘Ang Taong may Pananagutan (Person Responsible)’ para sa karagdagang impormasyon tungkol dito. Hindi na kailangang ang pahintulot sa mga malawakang panggagamot (over the counter medications) o pangunang lunas (first aid).

Kung ang pasyente ay tumututol sa mungkahing paggamot, ang mga doktor ay kailangang kumuha ng pahintulot mula sa Tribunal. Upang makakuha ng pahintulot kailangang punuan ang isang porma sa aplikasyon para sa paggamot na medikal o dental at ipadala ito sa koreo o paks sa Tribunal. Ang Tribunal ay magdaraos ng isang paglilitis, karaniwan sa pamamagitan ng telepono, at magpapasiya ito kung ang pahintulot ay ibibigay o hindi. Ang mga aplikasyon para sa pahintulot ay maaaring gawin pagkatapos ng oras ng trabaho sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa Tribunal at pakikipag-ugnayan sa serbisyo pagkatapos ng oras ng trabaho (after hours service).

Hindi na kailangang kumuha ng pahintulot sa panggagamot kung ipinapalagay ng doktor na kinakailangang madalian ang panggagamot upang mailigtas ang buhay, makaiwas sa malubhang kapansanan sa kalusugan ng pasyente o pigilin ang tanda ng pagsakit o pagkabalisa ng taong ito.

Kailangan pa ng karagdagang impormasyon?

Makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa partikular na aplikasyon mula sa aplikante o sa kawani ng Tribunal. Ang Tribunal ay naglalaan din ng serbisyong pang-impormasyon. Telepono: (02) 9555 8500 o libreng tawag 1800 463 928.

Ang dagdag na impormasyon tungkol sa pahintulot panggagamot na medikal at dental ay makukuha sa Tribunal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pampublikong Tagapag-alaga, Telepono (02) 9265 3184 o libreng tawag 1800 451 510.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Komisyonado sa Pangangalaga (Protective Commissioner), Telepono (02) 9265 3131.